



SINAG-LENTE

ni: ROXSANE R. ABAG, PhD

I

Noon, panulat ang tanglaw ng pangarap,
Sa papel isinilang ang tinig na mahirap;
Ngayon, lente ang hawak ng kabataan,
Upang ang dilim ay gawing kaliwanagan.

II

Hindi lamang mukha ang nahuhuli ng larawan,
Kundi buhay, kultura, at dangal ng bayan;
Sa bawat kuha, may kuwentong bumabangon,
May alaala ng lahing hindi nilalamon.

III

Sa mata ni Kara, ang totoo'y lumilinau,
Mga tinig na tahimik ay muling umaalingawngaw;
Sa halimbawa ni Ate Lans, pag-asa'y nabubuhay,
Kabataang nangangarap na maglingkod nang tunay.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



IV

Ang munting kamera'y hindi basta kagamitan,
Ito'y nagiging aklat ng puso at kamalayan;
Nagtuturo ng paggalang, malasakit, at dangal,
Sa kapwa, sa kultura, at bayang minamahal.

V

Sa mundong puno ng ingay at maling balita,
Ang lente'y dapat gabayan ng pusong may tiwala;
Hindi lahat ng sikat ay tunay na mahalaga,
Ang mahalaga'y katotohanang may pagpapala.

VI

Hindi dami ng "likes" ang sukatan ng tagumpay,
Kundi pusong nahipo at nabigyang-buhay;
Kapag ang likha'y may aral at paninindigan,
Nagiging sinag ito sa gitna ng sambayanan.

VII

Sa bawat bidyong may diwa at kaalaman,
May batang natututong magmahal sa bayan;

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Mangarap, kumilos, tumindig, at lumaban,

Para sa bukas na may dangal at kapayapaan.


VIII

Kaya't itaas ang lente, ipakita ang liwanag,

Ihayag ang mabuti, ang tunay, at marapat;

Sapagkat kabataang may Diyos, puso, at dangal,

Ang siyang Sinag-Lente ng Inang Bayang mahal.



Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
